JOY FULL

# Kagalakan sa Paghihirap

WEEK 1

## WARM-UP

- Ano ang pumapasok sa iyong isipan sa tuwing naririnig mo ang salitang “kagalakan”? Magbahagi ng kanta, alaala, o taong iniuugnay mo sa salitang kagalakan.
- Ano ang pinakamahirap na bagay na ginawa mo ngayong linggo? Magkuwento tungkol dito.
- Balikan ang isang sulat na natanggap mo mula sa isang taong minamahal mo o kaya ay sa isang kaibigan. Ano ang sinabi niya at ano ang naramdaman mo dahil dito?

## WORD

*Sapagkat para sa akin, ang buhay ko ay para kay Cristo. At kung mamatay man ako, kapakinabangan ito sa akin dahil makakapiling ko na siya.* **MGA TAGA-FILIPOS 1:21**

(Basahin din ang **MGA TAGA-FILIPOS 1:12–20.**)

Isinulat ni apostol Pablo ang liham na ito para sa iglesya sa Filipos habang siya ay nasa kulungan. Kabaligtaran sa inaasahan, ang sulat na ito ni Pablo mula sa kulungan ay isa sa kanyang masasayang liham. Dahil namuhay Siya upang paglingkuran at parangalan si Cristo, mayroon siyang kagalakan kahit pa siya ay nahihirapan. Ibinigay niya ang kayang buong buhay para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo at naunawaan niya ang kanyang layunin sa pamumuhay at kamatayan. Bagama’t nasasabik siyang makasama si Cristo, alam niyang sa pamamagitan ng kanyang buhay, magagawa niyang ibahagi ang kagalakan at layuning ito sa iba pa. Sa liham na ito, ipinahayag ni Pablo na ang kagalakan ng Kristiyano ay ang mamuhay kay Cristo—ang makilala Siya at makapiling Siya. Nagalak si Pablo sa lahat ng kalagayan at hinimok niya ang iglesya sa Filipos na gawin din ito. Sa araling ito, makikita natin kung bakit puno ng kagalakan si Pablo sa kabila ng kanyang paghihirap.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kapangyarihan at pamamahala sa iyong buhay. Hingin sa Kanya ang kakayahan at karunungan na makita ang mga nangyayari sa iyong buhay sa Kanyang mga mata at kasama ang Kanyang Espiritu. Ipanalangin na ikaw ay maging matatag kay Cristo at maging kuntento, puno ng pag-asa, at puno ng kagalakan araw-araw.
- Ipanalangin ang iyong kaibigan o mahal sa buhay na kasalukuyang dumaranas ng paghihirap. Hingin sa Diyos ang kagalingan, kalakasan, probisyon, at kapayapaan para sa kanya. Ipanalangin na ang layunin ng Diyos ay matupad sa kabila ng pinagdadaanan niyang mga pagsubok.
- Ipanalangin na maihayag ang ebanghelyo at maparangalan si Cristo sa pamamagitan ng iyong buhay.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Ang paghihirap ni Pablo ay nakatulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.

*Mga kapatid, nais kong malaman ninyo na ang mga nangyari sa akin ay nakatulong nang malaki sa ikalalaganap ng Magandang Balita.* **MGA TAGA-FILIPOS 1:12**

Naunawaan ni Pablo na bagama't hindi kanais-nais ang kanyang sitwasyon, nakatutulong ito sa isang mas malaking layunin: ang maipalaganap ang ebanghelyo. Sa katunayan, nakikilala ng mga tao si Cristo at ang mga kapatiran ay mas buo ang loob sa kanilang pangangaral. Dahil dito, kahit na nasa bilangguan, payapa ang loob ni Pablo. Bilang mga tagasunod ni Cristo, ang ating buhay at ang lahat ng ating mga kalagayan ay dapat na humantong sa pangangaral ng ebanghelyo. Ayon sa Mga Taga-Filipos 1:3–5, ano ang pananaw ni Pablo sa iglesya sa Filipos? Ano ang dahilan ng kagalakan ni Pablo (Mga Taga-Filipos 1:18)?

## 2 Ang paghihirap ni Pablo ay may pangakong pagpapalaya.

*[18] . . . At patuloy akong magagalak, [19]dahil alam ko na sa pamamagitan ng mga panalangin n'yo at sa tulong ng Espiritu ni Jesu-Cristo ay makakalaya ako. [20]Malaki ang hangarin at pag-asa ko na hindi ako mapapahiya . . .* **MGA TAGA-FILIPOS 1:18–20**

Nagtiwala si Pablo na ang iglesya ay nananalangin para sa kanya at ang Banal na Espiritu ay magpapalaya sa kanya. Naniwala siya na ang kasalukuyan niyang kalagayan ay magbabago rin. Dahil dito, nagagawa niyang tumingin sa hinaharap nang puno ng pag-asa. Subukan mong basahin muli nang malakas ang pahayag na ito sa grupo. Basahin ito nang may emosyon. Gaano katatag ang loob ni Pablo sa kanyang katiyakan at inaasahan? Sa iyong palagay, bakit buo ang kanyang loob?

## 3 Ang paghihirap ni Pablo ay magbibigay ng karangalan kay Cristo.

*Malaki ang hangarin at pag-asa ko na hindi ako mapapahiya, kundi tulad ng dati, magkakaroon ako ng lakas ng loob para sa pamamagitan ng buhay o kamatayan ko ay maparangalan si Cristo.* **MGA TAGA-FILIPOS 1:20**

Ang ninanais ni Pablo ay ang maparangalan si Cristo at maitaas sa kanyang buhay—maging siya man ay nakabilanggo o kaya ay malaya, siya man ay may buhay o pawian ng buhay. Gaya ng isang lingkod na gagawin ang lahat para parangalan ang kanyang amo, si Pablo, na tinawag ang kanyang sarili na lingkod ni Cristo, ay nagnais na gawin ang lahat upang parangalan ang kanyang Panginoon na si Jesu-Cristo. Nanatili ang kagalakan ni Pablo sa kabila ng kanyang paghihirap dahil si Cristo ay napararangalan. Paano ka hinihikayat at hinahamon ng halimbawang ibinigay ni Pablo? Bakit ang pagpaparangal kay Cristo ang ganap na layunin ng ating buhay?

## APPLICATION

- Pag-isipan ang kasalukuyan mong sitwasyon. Ano ang isinusulong ng sitwasyong ito? Ipanalangin na maunawaan mo kung ano ang iyong pinagdaraanan at magawa nitong isulong ang ebanghelyo.
- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangan ng pagpapalaya ng Diyos? Pag-isipan ang Mga Taga-Filipos 1:18–20 ngayong linggo at magtiwala na kikilos ang Diyos para sa iyo.
- Paano mo mahahanap ang kagalakan sa kabila ng mga pinagdaraanan mo sa kasalukuyan? Ano ang pinagmumulan ng iyong kagalakan? Paano mo maisasapamuhay ang mga pinag-usapan ngayon?